Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE 5-26

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO............. | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier,Jr......... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar.......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. De Leon............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 112-T'99

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNUNLALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYON SIYAMNARAANG LIBONG PISO (P1,900,000.00) UPANG MAGSILBING GUGULIN SA PAGSASAAYOS AT PAGKUKUMPUNI NG TULAY NG STO. ANGEL CENTRAL PATUNGO SA PAMILIHANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maipaayos ang tulay ng Sto. Angel Central dahilan sa kapakinabangan at kagaanang naidudulot nito sa pagpapabilis ng pagdadala ng mga paninda at pagtungo sa pamilihang bayan;

**SAPAGKA'T,** malaking pangamba ang nararamdaman ng mga mamamayan kapag dumaraan sa nasabing tulay dahilan sa nakikitang pagkabulok ng kahoy at pagkasira ng ilang mga bahagi nito;

**SAPAGKA'T,** may patunay ang Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na maliit na sasakyan lamang ang maaaring makadaan sa kasalukuyan sa naturang tulay dahilan sa nakikitang kalagayan nito;

**SAPAGKA'T,** ang kapakanan ng higit na nakararaming mga mamamayan ang lubos na minimithi ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maipaayos ang naturang tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na humiling sa Kgg. Punonlalawigan Jose D. Lina, Jr.na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P1,900,000.00 upang magsilbing gugulin sa pagsasaayos at pagkukumpuni ng tulay ng Santo Angel Central patungo sa pamilihang bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punonlalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: W
DATE: 5/16
LAGUNA